



Guidebook sa paghahanda para sa mga sakuna

Sa Tagalog



Probinsya ng Kagawa

Guidebook sa paghahanda para sa mga sakuna

Sa Tagalog

Mga nilalaman

Pasimula

Lindol

- 1 Bakit nakakatakot ang lindol? 1
- 2 Isang malaking lindol (Nankai Trough)
ang mangyayari sa probinsya ng Kagawa. 2
- 3 Tindi (intensity) at laki (magnitude) ng lindol 4
- 4 Ang kaagarang gagawin kapag dumating ang lindol ... 5



Bagyo at malakas na ulan

- 1 Bagyo at malakas na ulan sa probinsya ng Kagawa 7
- 2 Tungkol sa alerto at babala 8
- 3 Ang mga agaran gagawin na panahon ng bagyo ... 9
- 4 Paraan ng paglikas 9



Maghanda na sa ngayon para sa kalamidad

- 1 Maghanda para sa lindol 10
- 2 Mga paghahanda sa panahon ng bagyo 11
- 3 Mga bagay na pang-emergency
(Mga dadalhin at ihahanda) 12
- 4 Lugar na lilikasan (Evacuation center) 13

Serbisyo sa panahon ng emergency

- 1 Mga hotline numbers para sa serbisyong
pang-emergency 14
- 2 Safety Tips 14
- 3 Message board para sa likas na sakuna 14
- 4 Emergency bulletin (Notipikasyon ipapadala
sa pamamagitan ng mobile phone) 16
- 5 Mga salitang Hapon para sa likas na sakuna ... 18
- 6 Talaan ng mga paghahanda sa sakuna 19
- 7 Mga mahalagang impormasyon 20



Pasimula






Ang bansang Hapon ay may pinakamaraming lindol at malakas na ulan, lalo na ang lindol. Walang kasiguraduhan kung saan at kaylan ito mangyayari. Taon 2011 Buwan ng Marso, nagkaroon ng malaking lindol at tsunami sa bangda ng rehiyon ng Tohuko. Inaasahang isang malaking lindol (Nankai Trough) ang mangyayari sa probinsya ng Kagawa. Bawat taon ay nagkakaroon ng malaking pinsala ang probinsya ng Kagawa.

Basahing mabuti ang libro na ito at kaagarang kumilos para sa paghahanda.

Lindol

1 Bakit nakakatakot ang lindol?

Ang Hapon ay may pinakaraming lindol na bansa. Ang lindol ay walang kasiguraduhan kung saan at kaylan mangyayari. Kung ang malaking lindol ay darating, ang mga sumusunod ay mangyayari.


<p>火災 [kasai] Sunog (Apoy)</p>  <p>May mga posibilidad na magkaroon ng sunog, sa mga lugar na maraming gusaling nagtitipon, at ang apoy ay kakalat sa buong lungsod.</p>	<p>津波 [tsunami] Tsunami</p>  <p>Kung ang isang lindol ay mangyayari sa karagatan, mayroon posibilidad na magkaroon ng tsunami. Ang mga taong malapit sa dagat at ilog ay maring paigtingin ang pagiibayong pag iingat.</p>	<p>建物の倒壊 [tatemono no tokai] Gumuhong gusali</p>  <p>Mayroon din pangyayari na ang isang tao ay matatabunan kapag gumuho ang mga gusali at mga bahay.</p>
<p>倒れてくるもの、落ちてくるもの [taoretokuru mono, ochitekuru mono] Mga bagay na bumabagsag at mga bagay na mahuhulog</p>  <p>Mayroon posibilidad na mahulog o matumba ang mga kagamitang personal computer at ilaw. Maari ka rin masugatan kapag natapakan ang mga basag na salamin at baso. Kapag nasa labas ay maring bigyan pansin o magiingat sa mga vending machine at mga signboard.</p>	<p>土砂崩れ、崖崩れ [doshakuzure, gakekuzure] Landslide at pagguho ng bundok</p>  <p>Ang mga taong malapit sa matarik na dalisdis ng bundok at talampas ay nangangailangan ng matinding pag iingat.</p>	<p>May mga posibilidad na hindi na magagamit ang gas, tubig at koryente.</p> <p>Labis na din mahihirapan sa pag konek ng mga cellphone, Internet at mahihirapan na din makapag recharge ng cellphone. Sa ganitong sitwasyon may posibilidad na hindi ka na makakontak sa iyong pamilya at mga kaibigan. Mahihirapan ka na rin makakuha ng mga kasalukuyan impormasyon tungkol sa mga pangyayari.</p> <p>Ang mga kalsada ay isasarado at ang mga transportasyon katulad ng train ay ihihinto.</p>

2 Isang malaking lindol (Nankai Trough) ang mangyayari sa probinsya ng Kagawa.

Ang Nankai Trough na lindol (ay ang mangyayaring malaking lindol dito sa probinsya ng Kagawa). Meron mga plates sa ibabaw ng mundo (na makapal at malaki na tinatawag na bedrock).

Ang mga plates ay unti-unting lumilipat at ang sukduhan ng plates ay nagbabangaan na pag umabot sa limitasyon ay magaganap ang isang lindol. Ang probinsya ng Kagawa ay nasa taas ng isang Eurasia plate na nasa hilagang kanluran ng Shikoku at mayroon isang malaking kanal na nasa sukduhan ng Philippine Sea plate.

Ang isang lindol na nangyayari doon ay minsan mangyayari mula taon 90 hanggan taon 150. Ang susunod na Nankai Trough ay inaasahan maganap na may posibilidad sa pitumpung porsiyento (70~80%) sa loob ng susunod na tatlung taon.




Kung mangyayari ang pinakamalaking klase ng Nankai Trough na lindol sa probinsya ng Kagawa.

Napakalakas na intensity	7	Bilang ng patay	6,200 ka tao
Taas ng tsunami ay lalagpas	ng 3 metro	Bilang ng masusugatan	19,000 ka tao
Mga guguhong gusali ay	35,000 na bubong		

o Gaano kalakas ang yanig ng Lindol (Nankai Trough) kapag ito ay dumating?

- : Intensity 6 pababa
- : Intensity 7
- : Intensity 5 pataas
- : Intensity 6 pataas




Lindol sa probinsya ng Kagawa / Inaasahang pinsala ng tsunami

※ Ang seismic intensity ay tumutukoy sa lakas ng yanig ng lupa. Ito ay mag iiba depende sa lokasyon.

※ Mangyaring basahin ang pahina tungkol sa intensity ng lindol.

o Gaano kataas ang tsunami kapag mangyayari ang lindol (Nankai Trough) sa probinsya ng Kagawa




Lindol sa probinsya ng Kagawa / Inaasahang pinsala ng tsunami

o Ano ang mangyayari kapag dumating ang tsunami?

Taas ng tubig dala ng tsunami		Porsyento ng taong mamamatay
100 cm	Na puwersa ng malakas na tubig, maaanod ang malalakas na tao.	100%
70 cm	Kahit ano ang gagawin hindi kayang tumayo, maraming tao ang mamamatay.	71.1%
50 cm	Pag walang hinahawakan hindi kayang tumayo.	4.8%
30 cm	Kahit na malalakas na tao mahihirapang tumayo.	0.01%



Ang average na taas (height) ng lalaki sa Kagawa ay 167.3cm




Ang average na taas ng grade 3 elementary na babae ay 127.3cm

3 Tindi (intensity) at laki (magnitude) ng lindol

Ang magnitude (マグニチュード [magunichudo]) ay tumutukoy sa laki ng lindol. Ipinapakita nito kung gaano kalayo ang pagyanig mula sa sentro (epicenter). Ang tindi (intensity) (震度 [shindo]) ay sumusukat sa kung gaano kalakas ang pagyanig. Ang sukat nito ay base sa natatala sa iba't ibang lugar. Ito ay mula sa antas (scale) na 1 hanggang 7. Ang 1 ang pinakamaliit, at ang 7 ang may pinakamalaking antas ng paglindol.

Sinasabing bagaman at mataas ang antas ng pagyanig, ang mga lugar na malayo sa sentro (epicenter) o mga lugar na kung saan ang ibabaw na bahagi ng lupa ay matigas ay maaaring magtala ng mababang antas ng tindi ng lindol.

3	Karamihan sa mga taong nasa loob ng gusali ay makakaramdam ng pagyanig. Ang ilan ay mararamdaman ito habang naglalakad. Ang ibang natutulog ay magigising.	Malakas 5	Hindi na makalakad ng normal. Ang mga bagay ay matutumba at mahuhulog. Mahihirapan sumakay sa sasakyan.
4	Makakaramdaman ng pagkagulat sa pagyanig. Mararamdaman din ito habang naglalakad. Ang mga natutulog ay magigising. Ang mga nakasabit na bagay tulad ng ilaw ay gagalaw ng matindi. Ang mga gamit pang-kusina ay magkakalansingan.	Mahina 6	Mahihirapang ng makatayo. Masisira ang mga pintuan at hindi mabubuksan. Magbabagsakan ang mga gamit. Masisira ang mga bahay.
Mahina 5	Karamihan ay makakaramdam ng takot at maghahanap ng mahahawakan sa paligid. Ang mga bintanang salamin ay mababasag.	Malakas 6	Imposibleng makatayo. Ang mga dingding at tiles ay masisira, ang mga pader sa labas ay matutumba.
		7	Imposibleng makatayo. Ang mga malalaking bagay ay matutumba at lilipad. Magkakaroon ng bitak ang mga daan at ang bundok ay guguho.



4 Ang kaagarang gagawin kapag dumating ang lindol

(1) Ano ang gagawin kapag dumating ang lindol at nasa loob ka ng bahay.



1 Protektahan ang ulo gamit ang unan o maliit na futon. Magtago sa ilalim ng mesa.



2 Patayin ang mga ilaw at apoy, pagkatapos ng pagyanig.



3 Susunod buksan ang pintuan t alamin kung ito ba ay sira, baka mahihirapan makalabas.



4 Ang mga dapat ihahanda at dadalhin sa paglisan.



5 Huwag munang lumabas sa bahay. Mangyaring tumingin muna sa mga paligid.




6 Magtungo kaagad sa evacuation center o sa mga ligtas na lugar.

(2) Ano ang dapat gawin kapag nasa labas at dumating ang lindol.



1 Kung nasa labas ng gusali

Mangyaring ilagay sa ulo ang dalang bag para maproteksyonan sa mga bagay na maaaring mahulog tulad ng signboard at matutumbang mga pader.



2 Kung nasa loob ng gusali

Magtago sa ilalim ng mesa. Protektahan ang ulo sa mga nagbabagsakang mga bagay. Lumikas ayon sa payo ng kinaukulan.



3 Kung malapit sa bangin o tabing ilog

Magmadaling lumikas sapagkat ang lupa sa mga lugar na ito ay madaling gumuho sa panahon ng lindol.



4 Kung malapit sa dagat

Lumikas kaagad sa mataas na lugar upang makaiwas sa tsunami o malaking alon.



5 Kung nasa loob ng elevator

Pindutin ang lahat ng buttons ng bawat palapag. Kaagad na lumabas pagbukas ng pinto.



6 Kung nasa kotse, tren o bus

Kung nagmamaneho, ihinto sa kaliwang bahagi ng kalsada at lumikas kaagad, sa mga nakasakay sa tren o bus, sundin ang payo ng driver.







Bagyo at malakas na ulan

1 Bagyo at malakas na ulan sa probinsya ng Kagawa

Ang buwan ng Hulyo hanggang Oktubre ay may maraming bagyo na dumadating. Kadalasan ito ay nanggagaling mula sa timog-kanluran ng probinsya ng Kagawa.

Kapag dumating ang isang bagyo, nagdadala ito ng malakas na hangin at malakas na ulan. Kaya magkakaroon ng pinsala sa lupa (pagguho ng lupa at bato, dahilig, gumuguhong bundok), baha, pagpasok ng tubig sa loob ng bahay at high tide. Kaya matinding pag-iingat ang kaylangan.



<p>土石流 [dosekiryu] Landslide</p>  <p>Pag-agos ng lupa at bato kasabay ng daloy ng ulan pababa mula sa mataas na bahagi ng bundok.</p>	<p>地すべり [jisuberi] Mudslide</p>  <p>Napalambot na ng malakas na ulan ang lupa, at tuluyang na itong raragasa pababa.</p>	<p>がけ崩れ [gakekuzure] Avalanche</p>  <p>Guguhong ang bundok, biglang magbabagsakan ang lupa at mga bato.</p>
<p>洪水 [kozui] Pagbaha</p>  <p>Bubuhos ng maraming ulan. Magkakaroon ng maraming tubig sa ilog at sa dam, aapaw at dadaloy ito hanggang kalsada.</p>	<p>浸水 [shinsui] Inundasyon</p>  <p>Ang pag-apaw ng tubig mula sa ilog o dagat patungo sa loob ng gusali.</p>	<p>高潮 [takashio] High Tide</p>  <p>Ang pagtaas ng tubig dagat sanhi ng bagyo.</p>

Torrential Rain

Sa mga nakalipas na taon, nagkakaroon ng malakas na ulan sa di kalawakan, sa loob lamang ng sandaling oras (tulad ng localized torrential rain). Noong taon ng 2018 ng Hulyo, ang kalapit lugar ng probinsya ng Kagawa tulad ng probinsya ng Hiroshima, probinsya ng Okayama at probinsya ng Ehime ay nakaroon ng malaking pinsala, at hindi nakapagtataka kung ito ay mangyayari rin dito sa probinsya ng Kagawa. Iminumungkahi na para sa kaligtasan natin at para maprotektahan ang sarili, ay dapat lagi tayong handa kapag dumating na ang mga sakuna.

2 Tungkol sa alerto at babala

Babala, alerto at espesyal alert

Ang metrological agency ay magbibigay ng mga impormasyon tungkol sa babala, alerto at espesyal alert.

Babala...Malakas na hangin, malakas ang ulan, kinakailangan ang pag-iingat.

Alerto...Mapanganib, napalakas na hangin, napakalas na ulan, pag-iibayuhin ang pag-iingat.

Espesyal Alert...Ito ay inasahang maging isang pangunahin kalamidad tuwing ilang dekada.

Magsagawa ng mabilisan pagkilos sa pagkuha ng mga impormasyon kung saan nakalatalaga ang mga evacuation center ng municipalidad kung saan ikaw ay nanirahan.

Mga pag-iingat sa mga alarma at warning

大雨警報 (注意報) [oame keiho (chuiho)]	Anunsiyo ng bagyo (Babala)	Malakas ang pag-ulan. Mag-ingat sa pagguho ng lupa at malawakang pagbaha.
洪水警報 (注意報) [kozui keiho (chuiho)]	Anunsiyo ng pagbaha (Babala)	Mag-ingat sa pagbaha dulot ng pagtaas ng tubig sa mga ilog at dam.
暴風警報・強風注意報 [bofu keiho・kyofu chuiho]	Anunsiyo ng malaks na hangin (Babala)	Mag-ingat sa mga nagliliparang mga bagay dulot ng malalakas na hangin.
波浪警報 (注意報) [haro keiho (chuiho)]	Anunsiyo ng "High Tide" (Babala)	Umiwas sa dagat dahil sa malalakas na alon.
高潮警報 (注意報) [takashio keiho (chuiho)]	Anunsiyo ng "Storm Surge" (Babala)	Umiwas sa dagat at lumikas patungo sa mataas na lugar upang makaiwas sa maaaring pagtaas ng tubig-dagat.

Impormasyon sa paglikas

Kung ang mga panganib ay papalapit at kung kinakailangan lumisan, mayroon mga impormasyon na ilalabas para malaman kung ito ba ay seryoso o hindi, at ang mga impormasyon ay magdedepende. Ang bawat impormasyon ay kinakailangan para sa naayon na paraan na paglikas. Para sa impormasyon tungkol sa paglisan, mangyaring tingnan at suriin ang homepage ng probinsya ng Kagawa.

Antas ng alerta	Sitwasyon	Mga Kailangang Gawin ng Residente	Impormasyong Nanghihiikayat ng Pagkilos
5	Nangyari ang sakuna Sumasapit ang sakuna	Sa alert level 5, hindi na puwedeng lumikas nang ligtas, at may panganib ng buhay.	Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan
<Dapat lumikas hanggang sa alert level 4!>			
4	Matindi ang Panganib ng sakuna	Dapat lumikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar	Utos ng Paglikas
3	May panganib ng sakuna	Paghahanda sa paglikas/pagsisimula ng paglikas ng matatanda at iba pa	Paglikas ng Matatanda, atbp.
2	Lumalala ang panahon	Kumpirmahin ang Pansariling Ruta sa Paglikas	Payo na Mag-ingat sa Malakas na Ulan, Baha, at Daluyong (Japan Meteorological Agency)
1	May panganib ng paglala sa panahon	Palawakin ang Kaalaman sa Paghahanda sa Sakuna	Impormasyon Para sa Patiunang Pag-iingat (Japan Meteorological Agency)

3 Ang mga agaran gagawin na panahon ng bagyo




Huwag lumapit sa mga lugar na mapanganib

Magingat sa mga matatarik na bundok at talampas dahil may posibilidad na ito ay gumuho. Maigi rin huwag lumapit sa mga baybayin.



Mas maiging huwag lumabas kung hindi kinakailangan

Kung ikaw ay nasa labas, maaaring may posibilidad na ikaw ay matumba dahil sa malakas na hangin at maaaring ikaw din ay masaknan sa mga lumilipad na karatula at mga bubong ng bahay. Kaya mas maiging huwag lumabas.



Bigyan ng Pahalaga ang mga Impormasyon tungkol sa bagyo

Alamin ng madalas ang pinakabagong impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon at Internet ukol sa babala, alerto at espesyal alert. Manatiling kalmado upang makapagpasya kung manatili sa bahay o kinakailangan lumisan.

4 Paraan ng paglikas



1 Patayin ang apoy, i-lock ang mga bintana at pintuan.



2 Magsuot ng sneaker o rubber shoes o bota, huwag mag paa. Magsoot ng helmet kung meron at mag guwantes.



3 Maging mapagmatyag sa daanan kalsada, iwasan ang imbormal baka mahulog. Protektahan ang ulo sa mga nagliliparan bagay.


Huwag lumisan na nag iisa, kinakailangan mayroon kasama. Tulungan ang mga matatanda at mga bata.



Maghanda na sa ngayon para sa kalamidad

1 Maghanda para sa lindol

Walang nakakaalam kung kailan magaganap ang pag lindol. Ihanda ang mga sumusunod upang madaling makalikas kung kasaling lumindol.



Tibayan ang mga malalaking kasangkapan tulad ng mga lagayan ng damit, gamit ang mga "anti-collapse devices" (転倒防止金具 [tentoboshi kanagu]). Di ito kaagad babagsak kung may lindol.



Panatiliing maayos ang pintuan o lagusan ang mga bagay na makakasagabal o maaaring bumagsak sa daanan na maaaring maging hadlang sa paglikas.



Maaaring dikitan ng mga "stick scatter proof film" (飛散防止フィルム [hisanboshi firumu]) ang mga bintana para maiwasan ang pagkalat nito sakaling mabasag.



Iwasan magpatong o maglagay ng mga bagay sa mga cabinet o estante na maaring bumagsak at makasakit.



Siguraduhin at alamin ang mga posible at di pwedeng danaan kung sakaling magkaroon ng lindol.



Ihanda ang mga dadalhin kung sakaling kinakailangang lumikas.

Alam niyo ba?



Ito ay emergency exit sign (非常口 [hijoguchi]). Sa panahon ng emergency, lumikas sa mga daanang may ganitong simbolo.

Pagkatapos ng lindol, malalaman sa TV o radyo ang mga impormasyon tungkol sa tindi at lugar na pinangyarihan nito. Malalaman din ang posibleng pagkakaroon ng tsunami.

2 Mga paghahanda sa panahon ng bagyo

Sa loob ng bahay



Maghanda ng “emergency kit” na dadalhin sa panahon ng paglikas. Ilagay sa balkonahe o sa lugar na madaling makikita at makukuha sakaling lilikas.



Posibleng mawalan ng tubig. Punuin ng tubig ang mga timba at “ofuro”



Lagyan ng tape ang mga bintana at salamin. Isarado ang “storm shutters” sakaling mabasag ang mga bintana o pintuan.

Sa labas ng bahay



Siguraduhin kung nasaan ang mga kasama sa bahay. May posibilidad na hindi makakauwi kung sila ay nasa biyahe ng tren at napigil ito.



Ilabas ang mga paso at ligpitin ang mga bagay na maaaring liparin. Mas mainam na ilapag ang bisikleta upang maiwasan ang pagkasira nito.



Linisin ang daluyan ng tubig gaya ng kanal at alulod ng bubong.

3 Mga bagay na pang-emergency (Mga dadalhin at ihahanda)

Bagay na pang-emergency (mga dadalhin)

【Pagkain / Inumin】

- Pagkain (maaaring magtagal o aabot ng 3 araw)
- ※Instant na pagkain, delata, hindi nabubulok na mga biskwit
- Tubig (3 litro kada-tao)

【Pang araw-araw na pangangailangan】

- Damit (pati panloob) Tuwalya Tissue
- Sanitary products Plastic na bag Toiletries
- Mga gamit sa pagluto (kawali, kaldero at iba pa)
- Mga kutsara, tinidor, chopsticks, paper plates, paper cups
- Cellophane wrap Wet tissues Toilet paper Musk
- Heat insulation aluminum sheet Tsinilas Guwantes
- Water supply bag Kapote, bota para magamit sa tag ulan
- Leisure sheet o banig Arinola

【Mga bagay para makakolekta ng impormasyon】

- Mobile phone at charger Mobile radio at baterya
- Larawan o picture ng pamilya para sa kumpirmasyon sakaling magkahawalay
- Address at numero ng telepono ng pamilya, kaibigan at kamag anak
- Mapa para sa paglikas Papel o memo pad at ballpen

【Mga mahahalagang bagay】

- Bank book Personal seal Pasaporte Residence card
- Pera Kopya ng health insurance card
- Susi ng bahay at kotse Salamin o eyeglass, contact lense

【Mga iba pa】

- Flashlight Pito o Buzzer Helmet Kutsilyo
- Lighter o Posporo Iniinom na gamot First-aid kit
- Disposable na “hand warmer” Portable na stove
- Silindro ng gas Panggatong
- Pantulog (blanket, sleeping bag) Newspaper Pisi



Mga bagay para sa espesyal na pangangailangan

【Kung may sanggol】

- Powdered milk Feeding bottle Pagkaing pambata
- Lampin / Diaper Tuwalya Maternity health record book

【Kung nagdadalang tao】

- Mga gamit para sa bagong silang na sanggol Sabon
- Maternity health record book

【Kung may kasama na kailangang alagaan】

- Lampin / Diaper Pang-araw-araw na gamot
- Physical disability certificate



Pag-isipan din ang ibang hindi nakasulat na posibleng kailanganin.

4 Lugar na lilikasan (Evacuation center)

Lumikas sa mga itinakdang lugar ayon sa tinitirhang lugar. Karaniwang ginagamit na likasan ang mga paaralan o mga community centers. Ang mga taong malayo sa mga evacuation sites ay pinapayuhang pumunta muna sa mga evacuation points bago tuluyang lumikas sa mga nakatakdang lugar. Ang mga lugar na ito ay pwedeng gamitin ng kahit sino o anumang lahi. Dito ay matutugunan ang mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain, inumin, kumot at iba pa. Ang mga nagsilikas ay titigil sa parehong lugar kasama ang mga taong hindi kamag-anak o kakilala. Sundin ang mga patakaran sa loob ng evacuation center.



【Sa loob ng evacuation center】



【Sa lugar ng pag iigiban】

Serbisyo sa panahon ng emergency

1 Mga hotline numbers para sa serbisyong pang-emergency

110 (Pulisya)	119 (Bombero)
 <p>Kung sakaling masangkot sa isang krimen, maaksidente at iba pa.</p>	 <p>Kung sakaling magkaroon ng sunog, maaksidente, magkasakit at iba pa.</p>

2 Safety Tips

Meron mga libreng application dito sa bansa ng Hapon para sa mga emergency report tungkol sa lindol, tsunami, warning, espesyal alert, at sa mga impormasyon tungkol sa heat stroke. May iba't ibang function na kapaki-pakinabang sa panahon ng kalamidad, at may 15 wika na puwedeng pagpilian katulad ng English, Chinese (traditional / simplified at unsimplified form of kanji), Korean at Japanese. Para sa higit pang mga detalye i-accessing lng ang URL na nasa ibaba at suriin Mabuti. Maari din itong i-download sa pamamagitan ng smartphone.

[Hapon] <http://www.rcsc.co.jp/safety>

[Ingles] <http://www.rcsc.co.jp/safety-tips-en>

3 Message board para sa likas na sakuna

Ang “natural disaster message board” na ito ay nilikha para sa panahon ng isang malaking likas na sakuna tulad ng lindol o bagyo. Ito ay puwedeng gamitin sa pamamagitan ng mga telepono, mobile phones at computers. Maaari rin itong gamitin sa paghahatid ng mensahe sa mga kapamilya at kaibigan.

[Paraan ng paggamit ng natural disaster message boards]

Paglalagay ng mensahe

- ① Piliin ang “Natural Disaster Message Board (災害用伝言板 [saigaiyo dengonban]) mula sa top page”.
- ② Piliin ang “register (登録 [toroku])”.
- ③ Piliin ang “message”, at ilagay ang mensahe.
- ④ Muling piliin ang “register (登録 [toroku])”.

Paano tingnan ang mensahe

- ① Piliin ang “Natural Disaster Message Board (災害用伝言板 [saigaiyo dengonban]) mula sa top page”.
- ② Piliin ang “check (確認 [kakunin])”.
- ③ Ilagay ang numero ng telepono ng nagpadala.
- ④ Pumili sa “paghanap (検索 [kensaku])”.

※ Mga halimbawa ng paggamit, tingnan ang nakasulat na address sa ibaba at suriin.

NTT docomo	【Hapon】 https://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster/disaster_board/ 【Ingles】 https://www.nttdocomo.co.jp/english/info/disaster/index.html
au	【Hapon】 https://www.au.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengon/ 【Ingles】 https://www.au.com/english/mobile/anti-disaster/saigai-dengon/
SoftBank	【Hapon】 https://www.softbank.jp/mobile/service/dengon/boards/ 【Ingles】 https://www.softbank.jp/en/mobile/service/dengon/

【Address board para sa mensahe ng mga kapahamakan】

NTT docomo	【Hapon】 http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi 【Ingles】 http://dengon.docomo.ne.jp/Etop.cgi
au	【Hapon at Ingles】 http://dengon.ezweb.ne.jp
SoftBank	【Hapon at Ingles】 http://dengon.softbank.ne.jp

【Natural disaster broadband message board 災害用ブロードバンド伝言版 [saigaiyo burodobando dengonban] (web 171)】

Sa message board na ito, pwedeng alamin ang kalagayan ng mga tao sa mga naapektuhang lugar gamit ang internet. <https://www.web171.jp/>

【Disaster telephone message service 災害用伝言ダイヤル [saigaiyo dengon daiyaru] (171)】

【Hapon】	https://www.ntt-west.co.jp/dengon/way/
【Ingles】	http://www.ntt-east.co.jp/en/saigai/voice171/

Pag-iwan ng mensahe i-dial ang	“171 1 (sariling numero)”, at magiwan ng mensahe.
Pakikinig sa mensahe i-dial ang	“171 2 (numero ng nagpadala)”, at icheck ang mensahe.

4 Emergency bulletin (Notipikasyon ipapadala sa pamamagitan ng mobile phone)

Ang Japan Meteorological Agency at iba pang ahensya ay magbibigay ng mga “emergency report” katulad ng “earthquake early warning”, “tsunami alert”, at “espesyal alarm”. Ang pamahalaan ng Kagawa naman ay magbibigay ng anunsyo ukol sa sitwasyon ng “kalamidad at impormasyon sa paglikas” (ang “J alert” ay maglalabas din ng impormasyon ukol sa proteksyon ng mamayan. Ang koneksyon nila ay walang aberya kaya ito ay makakarating. Kung papaano matanggap, tingnan lang ang ang dalawang pamamaraan na nakasulat sa ibaba.

① Kagawa Disaster Prevention Information Mail (※ Registration required.)

<https://www.pref.kagawa.lg.jp/kikikanri/sogo/bosaijoho/main.html>

② Area mail (※ Registration not required.)

NTT docomo	(Area Mail Emergency Information Service) http://www.nttdocomo.co.jp/service/safety/areamail/
au	(Emergency Information Mail Service) http://www.au.com/mobile/anti-disaster/kinkyu-sokuho/
SoftBank	(Emergency Information Mail Service) http://www.softbank.jp/mobile/service/urgent_news/

(1) Ang ilalabas na emergency bulletin ng pamahalaan ng probinsya ng Kagawa (※ Halimbawa ang mail ay galing sa Kagawa disaster prevention information)

Ito ang mga halimbawa na darating sa mobile phone

The image shows a smartphone screen with a Japanese emergency bulletin. The text on the screen is as follows:

差出人: ○○
宛先: □□

△△警戒情報 (発表)

△△災害警戒情報

◇◇共同発表

【警戒対象地域】

●●市、▲▲町

<概況>

例) 降り続く大雨のため、警戒対象地域では土砂災害の危険度が高まっています。

<とるべき措置>

例) 溪流や崖の近くなど土砂災害の発生しやすい地区にお住まいの方は、早めの避難を心がけるとともに、市町から発表される避難勧告などの情報に注意してください。

〔問い合わせ先〕


例) 香川県土木部河川砂防課、高松地方気象台

Callout boxes on the right side of the image point to the following parts of the bulletin:

- Ipinapakita ang naglathala
- Ipinapakita ang buong impormasyon sa probinsya ng Kagawa
- Ipinapakita ang babala sa mga kalamidad
- Ipinapakita kung saan nanggaling ang impormasyon
- Pinakita ang sitwaston ng kalamidad
- Ano ang mga dapat na gagawin
- Kung nais malaman ang tungkol sa kala midad, dito makipagugnayan

(2) Emergency alert na ilalabas galing ng lungsod at bayan
 (※ Kung galling sa Kagawa disaster prevention information ang mail)

Ito ang halimbawa na darating sa mobile phone



Ipinapakita ang naglathala

Ipinapakita ang impormasyon na lilikas na lungsod at bayan (Headline)

Lungsod (Bayan) impormasyon sa palikas (Kung nakatira sa nasasad na lungsod kinakailangan ang pag-iingat.)

Rehiyon na may babala ukol sa paglikas (Kung nakatira na nakasad na lugar, kinakailangan lumikas.)

Lugar ng paglilikasan (Ipinapakita ang ang lugar na dapat lilikasan at patutunguhan.)

- Isinasaad dito kung ano ang rason bakit kailangan ang kaagarang paglikas at maghanda ng mga dadalhin.
- Dahil sa tumatas na antas ng tubig ng ilog, na mapanganib at posibleng umapaw, at kung kinakailangan lumikas, mangyaring. Magdala ng mga pagkain at pamproteksyon sa malamig na panahon.

(3) Ang mahalagang punto ng tala ng emergency bulletin (Kung sakali sa area mail)

Kung i-on ang settings ng notification ng abiso ng emergency bulletin sa iyong mobile phone, ay makakatanggap ka ng abiso ng emergency bulletin na kahit hindi na inirerehistro. Kapag nakatanggap ka ng isang abiso, ang iyong mobile phone ay magpapakita ng isang pop-up na window at isang espesyal na alarma tunog. Kailangan maging kalmado at suriin ng mabuti ang mga impormasyon.

At dahil ang emergency bulletin ay nakatarget sa lahat ng mga lugar ng probinsya ng Kagawa, ang mga impormasyon ng kalamidad ng lungsod at bayan ay sabay sabay na ipinapadala kahit sa lugar na hindi mo nasasakupan. Mangyaring tiyakin ang mga impormasyon at suriin mabuti ang iyong kinabibilangan.

5 Mga salitang Hapon para sa likas na sakuna

Japanese	Tagalog	Kahulugan
津波 [tsunami]	tsunami	Malaki at mabilis na agos ng alon mula sa dagat.
余震 [yoshin]	aftershock	Mga maliilit na paglindol pagkatapos ng isang malaking lindol.
警戒 [keikai]	pag-iingat (caution)	Anunsiyo na hinihimok ang mga tao na mag ingat o mag bantay sa anumang panganib.
避難する [hinan suru]	paglikas (evacuation)	pagpunta sa isang ligtas na lugar
給水 [kyusui]	alokasyon ng tubig	Ipinamamahaging tubig sa mga evacuation centers.
救援物資 [kyuenbusshi]	relief supplies	Mga tulong na ibibigay. Bagay at pagkain ay ipapamamahagi.
危険 [kiken]	delikado	Mapanganib, di ligtas.
断水 [dansui]	water is cut off	walang tubig na lalabas
停電 [teiden]	power outage	Hindi makakagamit ng koryete.
安否を確認する [ampi wo kakunin suru]	to confirm the safety of	Kumpirmahin ang kaligtasan at tiyakin kung maayos ang kalagayan ng pamilya at kamag anak.
火の元を確認する [hi no moto wo kakunin suru]	to check all potential fire hazards	Tiyakin patay ang mga ilaw at apoy.
もぐる [moguru]	sumisid	Lumangoy papunta sa ilalim ng tubig.
あふれる [afureru]	to overflow	Aapaw ang tubig dahil sa dami.
崩れる [kuzureru]	mawasak	Magkapira-piraso. (Ang gusali ay nawasak.)
懐中電灯 [kaichu dento]	flashlight	portable na ilaw
傾く [katamuku]	tumatabingi	Maaring ito ay bumagsak.
傷 [kizu]	sugat	pinsala
救急車 [kyukyusha]	ambulansya	Sasakyan tumutulong sa mga taong may sakit o nasaktan.
汲む [kumu]	to draw (water)	maglagay ng tubig
グラウンド [gurando]	ground	malawak na lugar upang mag ehersisyo sa labas
煙 [kemuri]	usok	mag ingat sa sunog
叫ぶ [sakebu]	sumigaw	sabihin sa isang malaking tinig
下敷き [shitajiki]	bagay na nasa ilalim	nasugatang tao
消火器 [shokaki]	pamatay apoy	gamit para sa pamatay sunog
地割れ [jiware]	bitak na lupa	kalsada na nasira
震度 [shindo]	earthquake intensity	laki ng lindol
スピーカー [supika]	speaker	bagay na ginagamit sa pag anunsiyo
助かる [tasukaru]	ligtas	buhay
破片 [hahen]	bubog	maliit na basag ng mga bagay
震える [furueru]	nanginginig	panginginig ng katawan
ボランティア [borantia]	volunteer	tumutulong na tao, tumutulong
マグニチュード [magunichudo]	magnitude	laki ng lindol

6 Talaan ng mga paghahanda sa sakuna

Pangalan	Bumbero 119 (Kung may sunog, nasugatan at iba pa)
Nasyonalidad	
Uri ng dugo A B O AB	
Número ng pasaporte	Pulisya 110
Residence card No.	Emergency telephone message service 171
Tirahan sa Hapon	Tagpuang lugar ng kapamilya sa panahon ng sakuna Pangalan : Address : Número ng telepono : Mapa :
Número ng telepono Bahay : Mobile phone :	
Pangalan ng kapamilya	
Pinagtatrabahuhan/training/paaralan Pangalan : Address : Número ng telepono :	
Kakilala (contact person) sa Hapon Pangalan : Address : Número ng telepono :	Evacuation center Pangalan : Address : Número ng telepono : Mapa :
Kakilala (contact person) sa sariling bansa Pangalan : Address : Número ng telepono :	Importanteng numero (Contacts) Tubig : Telepono : Gas : At iba pa :
Kinabibilangang Ahensiya ng Imigrasyon Address : Número ng telepono :	Embahada/Konsulado Address : Número ng telepono :

7 Mga mahahalagang impormasyon

Crisis Management Division, General Crisis Management Bureau, Kagawa Prefectural Government (Hapon)	https://www.pref.kagawa.lg.jp/bosai/ Para sa paghahanda sa mga sakuna sa probinsya ng Kagawa.
River and Sediment Control Division, Civil Engineering Department, Kagawa Prefectural Government (Hapon)	https://www.pref.kagawa.lg.jp/kasensabo/bosai/dosha/index.html Impormasyon tungkol sa sakuna dulot ng landslides sa Kagawa.
Takamatsu Local Meteorological Observatory (Hapon)	http://www.jma-net.go.jp/takamatsu/ Impormasyon tungkol sa kalagayan ng panahon sa Kagawa.
Shikoku Regional Development Bureau (Hapon)	http://www.skr.mlit.go.jp/ Para sa paghahanda sa mga sakuna sa Shikoku.
Japan Meteorological Agency	【Hapon】 http://www.jma.go.jp/jma/index.html
	【Ingles】 http://www.jma.go.jp/jma/indexe.html
Fire and Disaster Management Agency	【Hapon】 http://www.fdma.go.jp/
	【Ingles】 http://www.fdma.go.jp/en/
Disaster Preparedness and Crisis Management e-College	【Hapon】 https://www.fdma.go.jp/relocation/e-college/
	【Ingles】 https://www.fdma.go.jp/relocation/e-college/english/
Immigration Services Agency	Life Support Portal Site para sa mga Dayuhang Residente https://www.moj.go.jp/isa/support/portal/index.html
(Korporsayon ng pangkalahatang foundation) Council of Local Authorities for International Relations	Impormasyon tungkol sa suporta sa mga dayuhan sa panahon ng likas na sakuna (Ang iba nasalin sa iba't-ibang wika.) http://www.clair.or.jp/j/multiculture/index.html
NHK WORLD-JAPAN	https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/en/multilingual_links/

Mga makakatulong na impormasyon

Pwedeng malaman kung aling ospital sa Kagawa ang nakakagamit ng wikang dayuhan.


⇒ The Emergency Medical Information System “医療 Net さぬき [iryō netto sanuki]”

<https://www.qq.pref.kagawa.lg.jp/ir37/qqport/kenmintop/>

Kung magri-rehistro, makakatanggap sa mobile phone ng mga anunsiyo tungkol sa paglikas mula sa lokal na kinauukulan.

⇒ Evacuation Information Mailing List

<https://www.pref.kagawa.lg.jp/kikikanri/sogo/bosaijoho/main.html>



Kung nag-aatubili, sumangguni sa mga sumusunod na organisasyon.

⇒ International Affairs Division, General Affairs Department, Kagawa Prefectural Government TEL: 087-832-3027

⇒ Kagawa International Exchange Center TEL: 087-837-0411



Memo

Guidebook sa paghahanda para sa mga sakuna

Sa Tagalog

Lathala / Pamamatnugot: International Affairs Division, General Affairs

Department, Kagawa Prefectural Government

Lokasyon: 4-1-10 Bancho, Takamatsu

TEL: 087-832-3027 FAX: 087-837-4289



Homepage: <https://www.pref.kagawa.lg.jp/kokusai/index.html>